# INTERNATIONAL NAPASA (April 15, 2025)

## 1)PAGPAPAALAM UKOL SA SHONAN HIRATSUKA FUREAI MARKET

湘南平塚ふれあいマーケットのお知らせ

Sa April 27 (Sunday) ay magkakaroon ng ***SHONAN HIRATSUKA FUREAI MARKET*** sa palengke ng bagsakan ng mga paninda sa 1-7 Shinomiya, Hiratsuka City. Ang oras ay magsisimula ng 7:00 ng umaga hanggang alas 8:00 ng umaga. Makabibili ng mga lokal na napapanahong mga gulay, sariwang isda, at iba pa. Ito ay matutuloy pa rin sa petsang itinakda kahit na umulan. Kung may gusto pang malaman ukol sa bagay na ito ay maaring tumawag sa ***INDUSTRIAL PROMOTION DIVISION (SANGYO SHINKO KA)*** ng Hiratsuka City. Telephone No. **0463-21-9758 (0463-21-9758)** o maaaring tumawag sa umaga ng araw ng pagdiriwang. Telephone No. **090-3215-0106 (090-3215-0106).**

## 2)SCHEDULE NG LABAN NG SHONAN BELLMARE SA LEMON GAS STADIUM

湘南ベルマーレのレモンガススタジアムでの試合予定のお知らせ

Sa April 20 (Sunday) ay may schedule ng laro ang ***SHONAN BELLMARE*** laban sa ***KASHIWA REYSOL*** Ang oras ng umpisa ng laban ay mula 3:00 ng hapon. Ang ticket na hindi nakareserba ang upuan kung binili ng maaga ay nagkakahalaga ng **¥ 2500** para sa mga matatanda at **¥ 900** naman sa mga mag-aaral ng nasa elementarya, Junior High School at High School. Kung bibilhin sa takdang araw ng laban ay may karagdagang **¥ 500.**

## 3)IMPORMASYON UKOL SA DIREKTANG PAGBILI NG MGA ISDA

魚 直売会のお知らせ

Sa April 25 (Saturday) ay magkakaroon ng derektang pagbili ng mga lokal na isda sa daungan ng Hiratsuka City. Dito ay magbebenta rin ng mga lokal na gulay. Ang mga sariwang isda ay mag-uumpisa ng pagbebenta mula 3:00 ng hapon. Ito ay matatapos hanggang maubos ang mga paninda. Para sa mga katanungan ukol sa bagay na ito ay tumawag lamang sa ***FISHIRIES COOPERATIVE ASSOCIATION (GYOGYO KYODO KUMIAI)*** ng Hiratsuka City. **Telephone Number 0463-21-0146 ( 0463-21-0146 ).**

## 4)IMPORMASYON UKOL SA CONCERT SA HACHIMAN YAMA NO YOUKAN

八幡山の洋館でのコンサートのお知らせ

Sa April 16 (Wednesday) ay magkakaroon ng libreng concert sa Hachimanyama no Youkan. Mula 11:00 hanggang 12:00 ng tanghali ay magkakaroon ng ***"Rakugo Storytelling"*** at mula 2:00 hanggang 3:00 ng hapon at isasagawa naman ang ang concert na ***"Tsunagu Utatachi".***

Para sa mas detalyadong pangalan ng kanta at musikero ay makikita sa Web site ng Hiratsuka City Office. Ang kapasidad ng lugar ay hanggang 60 taong naunang dumating. Para sa mga katanungan ay makipag-alam sa Telephone No. **0463-35-7114 ( 0463-35-7114).**

## 5)PAGLILIMBAG NG 2025~26 GUIDE BOOK SA PAMUMUHAY PARA SA MAMAMAYAN

生活ガイドブック２０２５～２６版発行のお知らせ

Dito sa Hiratsuka City ay nailimbag na ang ***2025～26 GUIDE BOOK SA PAMUMUHAY PARA SA MAMAMAYAN*** na may mga nakalathalang iba'-ibang inpormasyon tulad ng ***PAG-IWAS SA SAKUNA, PARA SA KAPAKANAN, PAGPAPALAKI NG MGA BATA, SIGHTSEEING, SPORTS*** at iba pa. Ang ***GUIDE BOOK*** na ito ay makukuha sa General Information sa 1st floor ng Hiratsuka City Office at sa mga ***KOMINKAN (COMMUNITY CENTER)*** ng bawat distrito. Kung mayroong katanungan ukol sa bagay na ito ay makipag-alam sa ***PUBLIC RELATIONS DIVISION (KOUHO KA)*** Telephone No. **0463-21-8761 (0463-21-8761).**